
1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 3: Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Buhay




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q1_AP7_Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Buhay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.
Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.
Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.
Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Roselily M. Esteban
**Editors:** Lolita L. Lorenzo, Leonora L. Tuason, Joy C. Gabriel
**Tagasuri:** Elizabeth R Berdadero, Richard O. Ponhagban, Rey A. Pascual
**Tagaguhit:** Michael Alvarez, Prince Rhustan Casiano, Maria Enjussa Pascua
**Tagalapat:** Jenalyn B. Butac, Jay Lord Gallarde
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 3: Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Búhay

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.

Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay.

Matutuhan mo sa modyul na ito ang pagtukoy sa mga mahahalagang pangyayari at pagbabago sa buhay simula isilang hanggang sa kasalukuyang edad gamit ang mga larawan at *timeline*.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Napagsunod-sunod ang pangyayari sa búhay tungo sa pagbabago mula noong sanggol hanggang sa kasalukuyang edad

# Subukin


Panuto: Pagtambalin ang mga larawan na angkop sa edad.

| | |
|---|---|
|  ● | ● Isang taón |
|  ● | ● sampung taón |
|  ● | ● Limang taón |

| Modyul 3 | Mga Mahahalagang Pangyayari at Pagbabago sa Bʋ́hay |
|---|---|

## *Balikan*

**A. Panuto:** Kulayan ang mga pagkain na nagbibigay lakas sa iyong katawan at isipan.




B. Iguhit mo ang iyong kasuotang pambahay at kulayan mo ito.

## *Tuklasin*

Panuto: Basahin ang tula sa ibaba.

Biyaya ng Diyos

*ni Roselily M. Esteban*

Ang Diyos ang lumalang
Sa sanggol na bagong silang;
Hatid niya ay tuwâ at kagalakan
Pagod at hirap kaniyang nalulunasan

Lubos na kasiyahan
Ramdam magpakailanman;
Paglaki mo'y pinaghahandaan;
Maibigay lang ang pangangailangan.

Ang bilis ng panahon;
Kaya mo nang bumangon;
Gumapang, tumayo, at naglakad ka na ngayon
Ayan nga't nag-aaral ka na sa tulong ng Panginoon.

# Suriin

.

Isa sa pinakakritikal na yugto ng buhay ng isang tao ay ang pagiging isang sanggol. Wala pa siyang kakayahang magsalita na sabihin ang kaniyang nararamdaman katulad ng pagkagutom. Ipinapahiwatig niya ito sa pamamagitan ng pag-iyak.

Ang gatas ng ina ang pinakamainam niyang pagkain. Ang pagpapasuso sa kaniya ay isang paraan upang tumahan siya sa pag-iyak. Maganda rin ito sa kaniyang kalusugan dahil sa taglay nitong nutrisyon tulad ng bitamina, protina at fats.

Ngunit kapag ang bata ay tumuntong na sa edad na isa, nadadagdagan na ang mga kakayahan niya. Nagsisimula na siyang maglakad at nagbabago ang kaniyang anyo.

Sa edad na tatlo, siya ay nakakalakad at nakakakaing mag-isa.

Sa edad na lima, handa na siyang pumasok sa paaralan bilang Kindergarten upang matuto ng aralin sa iba't ibang asignatura.

## Pagyamanin

A. Panuto: Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Batay sa nabasang teksto sa Suriin, ilang taon nagsisimulang maglakad ang isang sanggol?

   a. isa     c. apat
   b. tatlo     d. pito



2. Ilang taon naman na maaaring nang pumasok bilang Kindergarten ang isang bata?

   a. isa     c. tatlo
   b. dalawa     d. lima

3. Anong nutrisyon ang maaaring makuha ng sanggol sa kanyang ina?

   a. bitamina
   b. protina
   c. fats
   d. lahat ng nabanggit

B. Panuto: Lagyan ng bilang 1-5 ayon sa pagkasunod-sunod ng pangyayari sa bùhay ng tao.




____   ____   ____   ____   ____

## *Isaisip*

Panuto: Isulat ang tamang salita sa bawat patlang. Piliin sa kahon ang tamang sagot.

| paglaki | dumadami | isilang |
|---|---|---|

May mahalagang mga pangyayari sa buhay ng isang tao simula nang ___________siya hanggang sa kaniyang ____________________.

Bawat bata ay may pagbabago mula pisikal na pangangatawan at sa kanyang gawain. Habang lumalaki ang isang bata ____________ ang kaya niyang gawin.

## *Isagawa*

Panuto: Iguhit sa patlang ang masayan  mukha kung ang pangungusap ay wastong pangyayari sa búhay ng sanggol. Iguhit naman  ng malungkot na mukha kung hindi.

______1. Ang bagong silang na sanggol ay nakalalakad na.

______2. Madalas matulog ang bagong silang na sanggol.

______3. Ang sanggol ay marunong ng magbasa.

______4. Umiiyak ang sanggol kapag ito ay nagugutom o basa ang damit.

______5. Marami pang pagbabagong mangyayari sa buhay ng sanggol habang ito ay lumalaki.

## *Tayahin*

Panuto: Ikabit sa duyan na nasa ibaba sa pamamagitan ng guhit ang mahahalagang pangyayari sa buhay mo.



● gutom




● kumakain ng sorbetes




● basa ang damit



● kumakain ng pritong manok






● natutulog sa duyan

# Karagdagang Gawain

Panuto:. Gupitin ang mga larawan at idikit sa tamang kahon ayon sa mga pagbabago sa iyong bΰhay.

| | | | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |

Ang mga mahahalagang pangyayari sa bΰhay ng isang tao.

1

3

2

4

# Susi sa Pagwawawasto

**Subukin:**
Limang taon
isa
sampung taon

**Balikan**

A. Talong, itlog, saging
B. Kanaya-kanyang guhit at kulay

**Pagyamanin A.**

1. a
2. d
3. d

**Pagyamanin B**




3,4,2,5,1

**Isaisip**

May mahalagang mga pangyayari sa buhay ng isang tao simula nang isilang siya hanggang sa kanyang paglaki


Bawat bata ay may pagbabago mula pisikal na pangangatawan at sa kanyang Gawain. Habang lumalaki ang isang bata dumadami ang kaya niyang gawin.

**Isagawa**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Tayahin:**
Gutom
Basa ang damit
Natutulog sa duyan

Karagdagang Gawain



# *Sanggunian*


K to 12 Curriculum Guide, Araling Panlipunan 1

Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog) Mga
Manunulat:

Noel P. Miranda, Odilon B. Ocampo
Rodel Q. Amita, Violeta E. Reyes
Malou M. De Ramos, Lenie A. Tiamzon
Ma. Corazon V. Adriano, Emily R. Quintos

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources
(DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph